# Alamin ang Tungkol sa Badyet ng County

## Inirerekomendang Badyet para sa 2026–27




## Buod para sa mga Tagapagpasya

**Ebony N. Shelton**
Punong Opisyal na Administratibo

**Joan Bracci**
Katuwang na Punong Opisyal na Administratibo / Punong Opisyal sa Pananalapi

**Brian Albright**, Pangkalahatang Tagapamahala
Pangkat ng Pananalapi at Pangkalahatang Pamahalaan

**Dr. Elizabeth Hernandez, Ph.D.**, Pangkalahatang Tagapamahala
Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Health and Human Services Agency)

**Dahvia Lynch**, Pangkalahatang Tagapamahala
Pangkat para sa Paggamit ng Lupa at Kapaligiran

**Andrew Strong**, Pangkalahatang Tagapamahala
Pangkat para sa Kaligtasan ng Publiko

# *Nakatuong Pamumuhunan. Sama-samang Pagkilos. Pag-unlad na Binuo ng Komunidad.*

Ang Inirerekomendang Budget para sa FY 2026–27 ay binubuo sa gitna ng isang mapanghamong taon ng kawalang-katiyakan, kabilang ang mga pinagkukunan ng pondo na hindi nakakasabay sa pangkalahatang pagtaas ng gastos sa pagpapatakbo, tumataas na mga gastusin, at mga hakbang ng estado at pederal na pamahalaan na lumilikha ng mga bagong hamon sa marami sa mga serbisyong inaasahan ng mga tao. Sa kabila ng mga hamong ito, ipinapakita ng badyet na ito kung ano ang maaari nating makamit sa pamamagitan ng pagtutulungan — ng mga lingkod-bayan, mga halal na opisyal, at ninyo, ang mga taong aming pinaglilingkuran — na pinagbubuklod ng ating magkakaparehong paninindigan para sa katatagan, akses, at oportunidad.

*Inaanyayahan namin kayong tuklasin ang mga nakatuong pamumuhunan, mga hakbang sa pagtitipid, at mga pagbabago sa operasyon na nagpoprotekta sa mga serbisyo at nagpapalakas sa katatagan ng komunidad.*



# Lupon ng mga Superbisor



**Paloma Aguirre**
Superbisor
Distrito 1



**Joel Anderson**
Superbisor
Distrito 2



**Terra Lawson-Remer**
Superbisor
Distrito 3



**Monica Montgomery Steppe**
Superbisor
Distrito 4



**Jim Desmond**
Superbisor
Distrito 5




COUNTY OF SAN DIEGO

# Mensahe mula sa Punong Opisyal na Administratibo



**Ebony N. Shelton**
Punong Opisyal na Administratibo

Para sa aming komunidad,
Araw-araw, nagsisimula ang gawain ng County sa inyo — sa inyong mga tinig, mga karanasan, at mga pag-asa para sa rehiyong ito. Ang inyong mga pananaw, maging sa pamamagitan ng mga pag-uusap sa komunidad, pakikilahok ng mga empleyado, o pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan, ay patuloy na humuhubog hindi lamang sa aming ginagawa kundi pati na rin sa paraan kung paano namin ito ginagawa. Iyan ang aking pangako sa inyo bilang isang lingkod-bayan at bilang inyong kapitbahay.

Ipinapakita ng Inirerekomendang Operational Plan ng CAO ang sama-samang gawaing iyon. Nakabatay ito sa ating magkakaparehong pagpapahalaga, hinubog ng mga pananaw ng komunidad, at nakatuon sa paghahatid ng makahulugan at nasusukat na mga resulta. Isa itong badyet na nakabatay sa mga pagpapahalaga at idinisenyo ayon sa mga bagay na pinakamahalaga sa mga taong aming pinaglilingkuran.

Pumapasok tayo sa taong ito ng badyet sa panahon ng kawalang-katiyakan at pagbabago. Ang pagtaas ng mga pinagkukunan ng pondo ay hindi nakakasabay sa pangkalahatang pagtaas ng gastos sa pagpapatakbo, at ang mga hakbang ng estado at pederal na pamahalaan ay lumilikha ng mga bagong hamon sa marami sa mga serbisyong inaasahan ng mga tao. Totoo ang mga hamong ito, ngunit naghanda ang County para sa mga ito. Nananatili kaming nakatuon sa katatagan, pagpapatuloy, at pananagutang hawak namin para sa aming mga komunidad.

Sa pakikipagtulungan sa Lupon ng mga Superbisor, mga Ad Hoc Subcommittee nito, pangkat ng County, at sa iba't ibang komunidad na aming pinaglilingkuran, natugunan namin ang ilan sa pinakamahahalagang isyu sa aming rehiyon. Mas may sapat na impormasyon at mas nakasentro sa komunidad ang aming proseso ng pagbadyet ngayon kaysa dati, habang nananatiling nakaayon sa pangmatagalang katatagan sa pananalapi. Ang maingat na paggamit ng Lupon sa mga reserbang pondo ay nakatulong upang matugunan namin ang mga agarang pangangailangan nang hindi nawawala sa isip ang hinaharap.

Magkakasama naming kinikilala na ang panahong ito ay nangangailangan ng mga pamumuhunan na nagpoprotekta sa katatagan, nagpapalakas sa mga sistema, at nagpapabuti ng mga resulta para sa lahat ng tao sa rehiyong ito. Ipinapakita ng inirerekomendang badyet na ito ang realidad na iyon habang kinikilalang patuloy na lumalaki ang mga pangangailangan ng komunidad. Ang aming mga pamumuhunan ay dapat tumugon sa panahong ito nang may malinaw na layunin at makabuluhang epekto.

*(karugtong)*

# Mensahe mula sa Punong Opisyal na Administratibo *(karugtong)*

**Suporta para sa safety net (pagtugon sa H.R. 1):** Halos $24 milyon ang inilaan upang matulungan ang mga tao na mapanatili ang akses sa tulong sa pagkain at saklaw sa kalusugan sa gitna ng mga pagbawas ng pederal na pamahalaan, kasama ang karagdagang pondo mula sa mga nailabas na reserba kung kinakailangan pa ng dagdag na suporta.

**Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali:** Karagdagang paggastos na nagkakahalaga ng $140.7 milyon ang magpapalawak ng akses sa pangangalaga para sa iba't ibang antas ng pangangailangan habang tumutulong upang makatanggap ang mga tao ng napapanahon at angkop na suporta.

**Pagtugon sa kawalan ng tirahan at krisis sa pabahay:** Sinusuportahan ng mga pamumuhunan ang pag-iwas sa pagkawala ng tirahan, katatagan sa pabahay, pagpapaunlad, paglilinis, inspeksyon, at pinasimpleng pagsusuri sa paggamit ng lupa upang matulungan ang mga tao na manatiling nakapirmi sa kanilang mga komunidad.

**Pangangalaga sa kapaligiran:** Isang bagong Punong Opisyal para sa Polusyon ang tutulong sa pangunguna ng aming mga pagsisikap at magpapalakas sa rehiyonal na pakikipagtulungan upang matukoy ang mga mapagkukunan at solusyon sa Tijuana River Valley.

**Pamumuhunan sa komunidad:** Ipinagpapatuloy ng badyet na ito ang pangako ng County sa sining at kultura, naglulunsad ng bagong inisyatiba para sa industriya ng pelikula, at nagpapalakas sa mga serbisyo para sa proteksyon ng mamimili. Namumuhunan din ito sa mahahalagang pagsisikap sa pampublikong kalusugan upang matiyak na may akses ang mga tao sa pangangalaga at mga mapagkukunang kanilang kailangan. Dagdag pa rito, pinapalakas nito ang kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagtatayo ng bagong substation ng Sheriff sa Ramona bilang kapalit ng kasalukuyang pasilidad na mahigit apat na dekada nang ginagamit, at sinisimulan ang pagpaplano, pagsusuri sa kapaligiran, at pagdidisenyo para sa bagong Vista Detention Facility upang matugunan ang mga pangmatagalang layunin sa operasyon.

**Pagtugon sa Prop 36:** Pinapalakas ang mga sistema ng hustisya at pampublikong kaligtasan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mahahalagang kawani at mga mapagkukunan upang matiyak na matutugunan ng mga departamento ang mga bagong responsibilidad sa ilalim ng Prop 36, na tumutugon sa paulit-ulit na pagnanakaw at mga paglabag na may kaugnayan sa droga habang pinalalawak ang suporta para sa pakikilahok sa paggamot at rehabilitasyon.

*(karugtong)*

# Mensahe mula sa Punong Opisyal na Administratibo *(karugtong)*

Ang inirerekomendang badyet na ito na mahigit $9 bilyon, na may 6 porsyentong pagtaas kumpara noong nakaraang taon, ay sumusuporta sa rehiyon sa maraming paraan at sumasalamin sa lakas-paggawa na binubuo ng 20,388 empleyado. Kabilang dito ang netong pagdaragdag ng 108 posisyon, na pangunahing dulot ng paglago sa Consumer Protection, pagpapatupad ng Proposition 36, at pagtugon sa H.R. 1, na binabalanse naman ng mga bakanteng posisyong hindi napunan, konsolidasyon, at attrition.

Ang pagbabalanse sa inirerekomendang badyet na ito ay nangailangan ng mahihirap na desisyon. Nakatuon kami sa muling pagsasaayos. Ibig sabihin nito ay paghahanap ng mga bagong kahusayan sa operasyon, pagbabawas ng gastos, pagpapaliit ng lawak ng aming mga pasilidad, at paglilipat ng mga kawani upang matugunan ang nagbabagong mga responsibilidad habang iniiwasan ang tanggalan sa trabaho. Alam naming marami pang hamon ang darating, at nagpapatuloy ang gawaing ito.

Nais kong kilalanin ang aming mahuhusay at dedikadong mga kawani ng County. Ang paglilingkod-bayan ang puso ng organisasyong ito, at ang aming mga empleyado ang tunay na nagbibigay-buhay sa planong ito. Ang kanilang propesyonalismo, malasakit, at malalim na layunin sa paglilingkod ang dahilan kung bakit naging posible ang lahat ng pagsisikap na ito. Lubos akong nagpapasalamat at ipinagmamalaki na makapaglingkod kasama sila.

Sa hinaharap, nananatili kaming nakatuon sa pagpapalalim ng aming pakikipagtulungan sa inyo. Patuloy naming palalawakin ang akses sa impormasyon, palalakasin ang transparency, at lilikha ng mas maraming paraan para sa pakikilahok. Layunin naming maramdaman ng lahat na sila ay may sapat na kaalaman, malugod na tinatanggap, at konektado sa paraan kung paano ginagawa ang mga desisyon at kung paano sila makakatulong sa paghubog ng mga ito.

Patuloy kaming makikinig, aangkop, at bubuo ng isang kinabukasang nakaugat sa ating magkakaparehong pagpapahalaga at sama-samang layunin. Iyan ang hinihingi ng mabuting pangangasiwa at iyan ang nararapat para sa aming mga komunidad.

Kaagapay Ninyo sa Pakikipagtulungan at Layunin,

Punong Opisyal na Administratibo,
**Ebony N. Shelton**

# Bisyón, Misyon, at mga Pagpapahalaga ng County

## *Pagbuo ng Matatag na Kinabukasan*

### Aming Misyon

Palakasin ang aming mga komunidad sa pamamagitan ng makabago, inklusibo, at batay sa datos na mga serbisyo sa tulong ng mahusay at suportadong lakas-paggawa.

### Aming Bisyon

Isang makatarungan, napapanatili, at matatag na kinabukasan para sa lahat.

### Aming mga Pagpapahalaga

- ***Integridad*** – Tapat, etikal na pag-uugali at pananagutan
- ***Pagkakapantay-pantay*** – Pantay na akses at pakikilahok sa lahat ng komunidad
- ***Akses*** – Transparency at pagiging inklusibo sa paghahatid ng serbisyo
- ***Pagkabilang*** – Pagtataguyod ng pakiramdam ng pagiging kabilang at koneksyon
- ***Kahusayan*** – Pangako sa mataas na kalidad at patuloy na pagpapahusay ng mga serbisyo
- ***Pagpapanatili*** – Pagbabalanse sa kasalukuyang pangangailangan at kapakanan ng mga susunod na henerasyon



# Mga Serbisyo ng County

## *Mga Panrehiyon, Pang-estado, at Lokal na Responsibilidad*

May malawak na hindi inkorporadong lugar ang County ng San Diego bukod pa sa 18 inkorporadong lungsod at 18 tribong kinikilala ng pederal na pamahalaan. Nagbibigay kami ng malawak na hanay ng mga serbisyo — mula sa mga programang panlipunan at pampublikong kaligtasan hanggang sa mga kalsada, parke, at mga aklatan sa mga hindi inkorporadong lugar.

18 Inkorporadong Lungsod

Hindi Inkorporadong Lugar

Mga Lungsod na Nakakontrata



Nakikipagkontrata rin ang ilang lungsod sa County upang magbigay ng mga serbisyo.



Sa antas ng rehiyon, nagbibigay ang pamahalaan ng County ng mga serbisyong tulad ng:

- Mga serbisyong panlipunan at programang pangkalusugan
- Pag-uusig sa mga kasong kriminal, mga pasilidad ng detensyon, at paghahanda para sa emergency
- Inspeksyon sa pagkain at mga restawran at pagsubaybay sa kalidad ng tubig sa mga dalampasigan
- Mga halalan



Sa mga hindi inkorporadong lugar, nagbibigay ang pamahalaan ng County ng mga serbisyong karaniwang ginagawa ng pamahalaang lungsod tulad ng:

- Pagpapatupad ng batas at proteksyon laban sa sunog
- Mga kalsada, parke, at mga aklatan
- Mga permit sa pagpapatayo
- Mga silungan at proteksyon para sa mga hayop

# Badyet ng County at mga Pinagkukunan ng Pondo

## *Kung Paano Kami Namumuhunan sa Aming mga Komunidad*






COUNTY OF SAN DIEGO

# Proseso ng Badyet ng County at mga Susunod na Hakbang

## *Kung Paano Binubuo ang Badyet at ang Inyong Papel*

Ang Inirerekomendang Badyet para sa Taong Piskal 2026–27 ay binubuo sa pamamagitan ng malapit na pakikipagtulungan ng Punong Opisyal na Administratibo, Lupon ng mga Superbisor, at mga komunidad na aming pinaglilingkuran. Mahalagang bahagi ng gawaing ito ang puna mula sa komunidad — ang inirerekomendang badyet ay hinuhubog hindi nang hiwalay kundi sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pampublikong opinyon, datos, at magkakaparehong prayoridad. Binibigyang-diin ng prosesong ito ang malawak na akses sa impormasyon, makahulugang pakikilahok ng publiko, at magkakaugnay na -pagdedesisyon.

**Kung Paano Binubuo ang Badyet**

- Inilalabas ng Punong Opisyal na Administratibo ang inirerekomendang badyet tuwing Mayo, na ibinabatay sa pakikilahok ng komunidad, direksyon ng Lupon, at mga pangangailangan sa operasyon.
- Ibinabahagi sa publiko ang impormasyon tungkol sa badyet sa mga pagpupulong ng komunidad.
- Nagbibigay ng pampublikong puna online at sa mga pampublikong pagdinig.
- Inihahanda ang binagong badyet na isinasaalang-alang ang mga pananaw ng komunidad.
- Pinag-uusapan at pinagtitibay ng Lupon ang badyet na magkakabisa sa Hulyo 1.

# Timeline ng Badyet ng County

## *Mahahalagang Petsa at mga Pampublikong Pagpupulong*

**Kailangan Namin Kayo**

May mahahalagang gawain pang dapat tapusin bago maaprubahan ang badyet — makiisa sa amin upang matagumpay itong maisakatuparan.

**Mahahalagang Petsa**

**Mayo 18**
Paglalabas ng Inirerekomendang Badyet
***Nagsisimula ang online na pagsusumite ng komento***

**Mayo 27**
**5:30 PM**
Virtual na Pagpupulong ng Komunidad

**Mayo 28**
**5-7 PM**
Community Open House sa County Operations Center

**Hunyo 1**
**5 PM**
Mga Pampublikong Pagdinig para sa Inirerekomendang Badyet sa County Administration Center

**Hunyo 11**
**5 PM**
***Pagtatapos ng online na pagsusumite ng komento***

**Hunyo 12**
Magiging available sa publiko ang Binagong Inirerekomendang Badyet

**Hunyo 25**
**9 AM**
Mga Deliberasyon at Pagpapatibay ng Badyet sa County Administration Center




COUNTY OF SAN DIEGO

# Kung Paano Makikilahok

## *Suriin at Magbigay ng Komento: Mayo 18 - Hunyo 11*

Online sa engage.sandiegocounty.gov/county-badyet-2026-28

- Sa Email sa engage@sdcounty.ca.gov
- Virtual na Pagpupulong ng Komunidad sa Mayo 27, 5:30 p.m.
- Community Open House sa Mayo 28 mula 5–7 p.m. sa County Operations Center
- Sa telepono o personal sa Hunyo 1 para sa Pampublikong Pagdinig ng Lupon ng mga Superbisor: sandiegocounty.gov/cob/bosa/
- **Humiling ng interpretasyon sa mga pagpupulong: 619-531-5434** o PublicComment@sdcounty.ca.gov




**Bisitahin ang:**
sandiegocounty.gov/badyet
para sa karagdagang impormasyon tungkol sa badyet

## Panoorin ang mga Pagpupulong ng Lupon ng mga Superbisor

sandiegocounty.gov

@countysandiego

@SanDiegoCounty

@sandiegocounty

# Mga Pamumuhunan ayon sa Pangkat ng Negosyo at Gawain

## *Kabuuang Badyet: Mahigit $9.15 Bilyon*

***Pagtaas na $518.7 milyon, o 6% kumpara noong nakaraang taon***

**Pampublikong Kaligtasan**

**$3 Bilyon**

+ $97 milyon
33% ng kabuuang badyet

**Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao**

**$2.23 Bilyon**

- $17 milyon
24.5% ng kabuuang badyet

**Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali**

**$1.4 Bilyon**

+ $140.7 milyon
15.3% ng kabuuang badyet

**Pananalapi at Pangkalahatang Pamahalaan**

**$1 Bilyon**

+ $49.8 milyon
11.3% ng kabuuang badyet

**Paggamit ng Lupa at Kapaligiran**

**$822.9 Milyon**

+ $40.7 milyon
9% ng kabuuang badyet

**Iba pang Pananalapi**

**$515 Milyon**

+ $133.1 milyon
5.6% ng kabuuang badyet

**Programa para sa Kapital**

**$120 Milyon**

+ $74.4 milyon
1.3% ng kabuuang badyet

*(karugtong)*

# Pag-aayon ng Aming Badyet sa mga Pagpapahalaga ng Komunidad

Habang binubuo namin ang badyet para sa taong ito, naging malinaw na ang pagpasa noong nakaraang taon ng H.R. 1 — isang pederal na batas na may malaking epekto sa pagpopondo ng mga serbisyong safety net — at iba pang pagbabago sa pagpopondo mula sa estado at pederal na pamahalaan ay magdudulot ng tunay na epekto sa buong rehiyon. Bilang tugon, sinamantala namin ang pagkakataon upang muling isaayos ang aming pamamaraan at nanatiling nakatuon sa pinakamahalaga: ang pagsuporta sa mga taong aming pinaglilingkuran.

Namumuhunan kami ng halos $24 milyon upang mapanatili ang mahahalagang serbisyong safety net at mapalakas ang katatagan ng mga komunidad sa buong county. Tingnan kung paano umaayon ang mga pamumuhunang ito sa mahahalagang prayoridad na hinubog ng inyong mga pananaw.



# Lakas-Paggawa ng County

## *20,388.25 Posisyon*

**Pagdaragdag ng 108 posisyon, na pangunahing dulot ng paglago sa Consumer Protection, pagtugon sa Prop 36, at pagpapatupad ng H.R. 1, habang binabawasan din ang 114 na posisyon sa pamamagitan ng mga bakanteng posisyong hindi pinunan, pagsasama-sama ng mga tungkulin, at natural na pag-alis ng mga empleyado (attrition) nang walang tanggalan sa trabaho.*

*Sa kabila ng mga pagbabagong ito, patuloy na binibigyang-priyoridad ng inirerekomendang badyet ang suporta sa mga empleyado, inobasyon sa lakas-paggawa, at pangmatagalang katatagan sa pananalapi.*

**Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao**

**6,754**

**+11**

**Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali**

**1,368.5**

**+ 36**

**Pampublikong Kaligtasan**

**8,108**

**+ 47**

**Paggamit ng Lupa at Kapaligiran**

**2,135.75**

**- 17**

**Pananalapi at Pangkalahatang Pamahalaan**

**2,022**

**+ 31**

# Mahahalagang Pamumuhunan

Sa pamamagitan ng mga survey, focus group, email, tawag, at iba pa, sinabi ninyo sa amin kung ano ang mahalaga para sa inyo. Tingnan kung paano isinasakatuparan ng badyet na ito ang mga prayoridad na iyon.

*** Ang ilang ipinakitang pagbabago ay sumasalamin sa paraan kung paano namin inaayon ang pagpopondo sa mga na-update na estratehiya, mga pagbabago sa kawani, at mga kahusayan sa operasyon. Ang mga pagbabagong ito ay kumakatawan sa muling pag-aayos upang umayon sa kasalukuyang mga modelo ng programa at mga available na pinagkukunan ng pondo. Sa ilang pagkakataon, muling ikinategorya ang mga gastos o inilipat sa ibang pinagkukunan ng pondo, ngunit nananatiling prayoridad at suportado ang mga pangunahing serbisyo.*



# Mahahalagang Pamumuhunan
## Kalusugan ng Pag-uugali



Nagbibigay ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali ng espesyal na pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa buong rehiyon. Namumuhunan ang planong ito ng mahigit $1.39 bilyon upang mapalawak ang akses, paggamot, at pangangalagang nakasentro sa tao para sa mga tao sa lahat ng edad. Sa pamamagitan ng BHSA, BH CONNECT, at iba pang mga inisyatiba, pinalalawak ng County ang mga benepisyo ng Medi-Cal, pinapahusay ang pagtugon sa krisis, pinapalakas ang lakas-paggawa sa kalusugan ng pag-uugali, at dinaragdagan ang mga oportunidad sa pabahay para sa mga taong may malubhang sakit sa pag-iisip at/o kondisyong dulot ng paggamit ng substansya.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- **Pangmatagalan at Residensyal na Pangangalaga — $176 milyon**
  Nagbibigay ng klinikal na pangangalaga at 24-oras na suporta sa isang organisado at terapeutikong kapaligiran para sa mga taong nangangailangan ng mas mataas na antas ng pangangalaga.

- **Mga Interbensyon sa Pabahay — $88 milyon**
  Nagbibigay ng kumpletong hanay ng pabahay upang matiyak na may matitirhan ang mga tao habang tumatanggap ng paggamot at mga serbisyong suporta. Kabilang dito ang Flexible Housing Pool pilot bilang bahagi ng bagong Transitional Rent benefit na magpapalakas sa pangmatagalang katatagan sa pabahay.

- **Pagpapatupad ng BH CONNECT — +$47.3 milyon****
  Pinapalawak ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakabatay sa komunidad sa pamamagitan ng mga programang nakabatay sa ebidensya na sumusuporta sa mga bata at nasa hustong gulang na may mga komplikadong kondisyon.

- **Paggamot sa Sakit Dulot ng Paggamit ng Substansya para sa mga Nasa Hustong Gulang — +$23 milyon****
  Pinahuhusay ang network ng mga serbisyo at suporta para sa paggamit ng mga substansya, kabilang ang mga programang paggamot para sa paggamit ng narkotiko at isang bagong programa para sa pagbangon mula sa pagdepende sa kemikal.

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Kalusugan ng Pag-uugali *(karugtong)*



- **Pagpapaunlad ng Lakas-Paggawa sa Kalusugan ng Pag-uugali — +$15.2 milyon****
  Sinusuportahan ang pagpapaunlad at pagpapanatili ng mahusay na pampublikong lakas-paggawa sa kalusugan ng pag-uugali sa pamamagitan ng ELEVATE Fund at ng pagsasanay at teknikal na tulong para sa maliliit at magkakaibang organisasyong nakabatay sa komunidad.

- **Pakikilahok ng Komunidad at Suporta sa Network — $14.4 milyon**
  Pinapalakas ang pakikilahok ng komunidad at mga tagapagbigay ng suporta sa pamamagitan ng teknikal na tulong, upang matiyak ang makahulugang paglahok ng lahat ng 29 na stakeholder group na kinilala ng estado (BHSA) sa paghubog ng mga gawain sa kalusugan ng pag-uugali sa rehiyon.

- **Behavioral Health Wellness Campus — +$12.7 milyon****
  Pinopondohan ang paunang pagdidisenyo at pagpapaunlad ng bagong integrated campus sa lupang pagmamay-ari ng County sa Rosecrans Street sa Midway District, na magsasama ng pangangalaga, pabahay, at mga serbisyong suporta. Ginawaran ang County ng $99.5 milyong pondong grant ng estado para sa kalusugan ng pag-uugali para sa proyektong ito noong Marso 2026.

- **Panggagamot na Residensyal para sa Krisis — +$9.6 milyon****
  Pinapataas ang kapasidad para sa mga alternatibong serbisyong nakabatay sa komunidad kapalit ng pagpapaospital at pinalalakas ang mga serbisyo para sa diversion at step-down na pangangalaga.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Kalusugan ng Pag-uugali




- **Mga Pasilidad para sa Kalusugan ng Pag-uugali — +$3.5 milyon****
  Sinusuportahan ang pagpapahusay ng mga pasilidad upang makabuo ng mga bagong programa para sa Residensyal na Pangangalaga para sa mga Batang Nasa Krisis at Mga Serbisyo sa Paggamot para sa Paggaling mula sa Paggamit ng mga Substansya sa pamamagitan ng mga pondong grant mula sa Estado.

- **Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga Bata at Kabataan — +$2 milyon****
  Binibigyang-priyoridad ang maagang interbensyon at pagpapatatag sa panahon ng krisis para sa mga bata at kabataan.

- **Mga In-Home Outreach Team — +$1.1 milyon****
  Tumutulong sa pag-uugnay ng mga taong may malubhang sakit sa pag-iisip sa tuloy-tuloy na paggamot at suporta.



# Mahahalagang Pamumuhunan
## Pagpapanatili ng Kapaligiran



Sa loob ng maraming dekada, hinarap ng mga komunidad sa South Bay ang krisis sa polusyong tumatawid sa hangganan na nakaaabala sa pang-araw-araw na buhay, nakaaapekto sa kalusugan, at naglilimita sa akses sa malilinis na dalampasigan. Pinapalakas ng badyet na ito ang aming pangako sa kalusugan, kaligtasan, at transparency sa pamamagitan ng pagpapalawak ng monitoring, pagpapahusay ng pampublikong pag-uulat at pakikipag-ugnayan, at pagbibigay ng same-day update sa kalidad ng tubig sa mga dalampasigan. Mayroon ding karagdagang mga pamumuhunan na sumusuporta sa mas malawak na pangangalaga sa kapaligiran sa buong rehiyon upang makabuo ng mas ligtas at mas malulusog na komunidad sa buong county.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- **Panrehiyong Proteksyon sa Watershed at Pag-iwas sa Polusyon sa Karagatan — $25.6 milyon (+$2 milyon)****
  Sinusuportahan ang mga pagsisikap sa proteksyon ng watershed na nagpapababa ng polusyon sa karagatan at nagtataguyod ng malilinis na dalampasigan, malulusog na ecosystem, at ligtas na inuming tubig.

- **Paglilihis ng Basura, Pagbabawas ng Emisyon, at Pamamahala sa mga Isinara nang Landfill — $25 milyon (+$3.9 milyon)****
  Pinagsasama ang mga programang naglilihis ng basura mula sa mga landfill at nagpapababa ng greenhouse gas emission kasama ang pangmatagalang monitoring at pamamahala sa mga isinara nang landfill upang maprotektahan ang kalidad ng hangin at groundwater at mapalakas ang mga panrehiyong pananggalang sa kapaligiran.

- **Pangangasiwa sa mga Mapanganib na Materyales at Pagtugon sa mga Insidente — $17.6 milyon (+$42,000)****
  Nagbibigay ng komprehensibong proteksyon sa pampublikong kalusugan at kaligtasan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagbibigay ng permit at inspeksyon sa mahigit 14,000 pasilidad na may mapanganib na materyales at pagpapalakas sa kakayahan ng Hazardous Incident Response Team na tumugon at mabawasan ang mga kemikal na emergency at mga reklamo ng publiko.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Pagpapanatili ng Kapaligiran



- **Preserbasyon ng Lupang Sakahan, Proteksyon sa Open Space, at mga Pananggalang sa Agrikultura — $17.3 milyon (+$660,000)****
  Pinoprotektahan ang ekonomiyang pang-agrikultura at mga likas na tanawin ng rehiyon sa pamamagitan ng permanenteng pangangalaga sa mga lupang sakahan, pagpapalawak ng proteksyon sa mga open space, at pagpapahusay ng mga pagsisikap na matukoy at maiwasan ang mga sumasalakay na peste na nagbabanta sa mga pananim at lokal na ecosystem.

- **Mga Pamumuhunang Kaugnay ng Climate Action Plan para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas (GHG) — $15 milyon (+$3.9 milyon)** *(kabilang ang ilang programang binanggit sa ibang bahagi ng badyet)*
  Pagpapatupad ng mga hakbang sa Climate Action Plan ng County na nagpapababa ng GHG emission, nagpapahusay ng kalidad ng hangin, at nagpapalakas ng pangmatagalang katatagan laban sa pagbabago ng klima.

- **Pamamahala sa Yamang Groundwater — $3.4 milyon**
  Sinusuportahan ang pangmatagalang pamamahala sa groundwater at pinoprotektahan ang seguridad sa tubig ng rehiyon.

- **Pagsusulong ng Green Building at Solar Energy — $1.4 milyon**
  Itinataguyod ang mga green building practice at pinapabilis ang paggamit ng solar energy sa buong rehiyon.

- **Pagpapalawak ng EV Roadmap at Fleet Electrification — $1.2 milyon**
  Isinusulong ang EV Roadmap ng County sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga sasakyan ng fleet ng mga electric vehicle at paglalagay ng mga bagong charging station sa mga lugar kabilang ang Campo RMS, Julian RMS, Pine Valley Park, Tijuana River Valley Regional Park, El Monte Park, at Lake Morena Park.

***(karugtong)***

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Pagpapanatili ng Kapaligiran



*(karugtong)*

- **Pagtatanim ng Puno — $500,000**
  Magtatanim ng 1,000 bagong puno upang mapahusay ang kalidad ng hangin, mapalawak ang lilim, at masuportahan ang mas malulusog na komunidad. Bukod sa pagtatanim ng mga puno sa mga pag-aari ng County bilang suporta sa aming mga layunin para sa climate action, nagbibigay ang aming programa para sa mga puno sa pribadong ari-arian ng libreng 15-gallon na puno sa mga may-ari ng pribadong ari-arian sa mga hindi inkorporadong lugar o sa kanilang mga itinalagang kinatawan upang sila mismo ang magtanim nito.

- **Punong Opisyal para sa Polusyon para sa Panrehiyong Koordinasyon sa Tijuana River Valley**
  Pinopondohan ang isang bagong Punong Opisyal para sa Polusyon upang pamunuan ang panrehiyong pakikipagtulungan, tukuyin ang mga mapagkukunan, at isulong ang mga pangmatagalang solusyon para sa Tijuana River Valley. Sasaklawin nito ang pagkuha ng mga tauhan, suweldo, at mga benepisyo para sa manunungkulan, kasama ang mga panimulang gastusin kaugnay ng pagsasama ng tungkuling ito.



# Mahahalagang Pamumuhunan
# Pabahay at Kawalan ng Tirahan




Kapag kayang bayaran ng isang senior ang renta, nakahanap ng matatag na pabahay ang isang nasa hustong gulang na kabataan, o nakalipat ang isang pamilya sa ligtas na matitirhan, nakikinabang ang buong rehiyon. Namumuhunan ang planong ito sa praktikal at nakasentro sa taong mga solusyon — mula sa suporta sa renta at ligtas na paradahan hanggang sa makabagong mga programa sa pabahay at real-time transparency — upang mas maraming residente ang makahanap ng landas tungo sa katatagan at tahanan.

**Kabilang sa mga Pamumuhunan ang:**

- **$93.1 milyon upang palawakin ang mga mapagkukunan sa pabahay para sa mga bulnerableng residente**
  Sinusuportahan ang pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay at pabahay na may suportang serbisyo, tulong sa upa, at mga serbisyong tumutulong sa mga pamilya na makamit ang kasarinlan sa kabuhayan.
  Kabilang dito ang:
    - **Kabuuang $16 milyon,** kabilang ang $11.6 milyong pondo mula sa nakaraang taon, para sa Programa ng Panrehiyong Tulong para sa mga Walang Tahanan at Programa para sa Masamang Lagay ng Panahon.
      Nagbibigay ng ligtas at panandaliang matitirhan sa pamamagitan ng hotel placement at hotel/motel voucher tuwing malamig o maulang panahon para sa mga residente ng mga hindi inkorporadong komunidad na nangangailangan ng matutuluyan sa panahon ng emergency.
    - **$3.4 milyon para sa Housing our Youth Program (Programang Pabahay para sa mga Kabataan)**
      Ipinagpapatuloy ang nakalaang pabahay at mga serbisyong suporta para sa mga kabataang edad 18–24, na nag-uugnay sa daan-daang kabataan tungo sa katatagan at pangmatagalang kagalingan.
    - **$2.8 milyon na pondo mula sa nakaraang taon para sa Shallow Rental Subsidy Program (Programa ng Limitadong Subsidiya sa Upa)**
      Naglulunsad ng panibagong yugto ng suporta para sa 200 sambahayan ng mga senior, na nag-aalok ng $500 buwanang subsidy sa loob ng 18 buwan upang maiwasan ang kawalan ng tirahan at masuportahan ang pagpapanatili ng pabahay.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Pabahay at Kawalan ng Tirahan




*(karugtong)*

- **$1.6 milyon na pondo mula sa nakaraang taon upang palawigin ang LGBTQ+ Innovative Housing Program (Makabagong Programa ng Pabahay para sa LGBTQ+)**
  Ipinagpapatuloy ang pamamahala ng kaso, mga suportang serbisyo, at paggabay sa paghahanap ng pabahay para sa mga LGBTQ+ na indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tirahan.

- **$1.6 milyon na pondo mula sa nakaraang taon para sa Bancroft at Magnolia Safe Parking Programs (Mga Programang Safe Parking ng Bancroft at Magnolia)**
  Nagpapatakbo ng 43 ligtas na parking space na may onsite na mga serbisyo upang suportahan ang mga taong naninirahan sa sasakyan habang lumilipat sa permanenteng pabahay.

- **$29.2 milyon para sa suporta sa pabahay at mga serbisyo sa pagpapaunlad**
  Pinopondohan ang napapanatiling pagpapaunlad ng pabahay, mga programa para sa pagiging abot-kaya ng pabahay, mga inisyatiba para sa ADU at maliliit na bahay (tiny home), paglilinis at pagtulong kaugnay ng kawalan ng tirahan, mga inspeksyon, at pinasimpleng pagsusuri sa paggamit ng lupa.

- **$600,000 para sa Shelter Ready app ng District Attorney**
  Pinapalakas ang real-time transparency sa pamamagitan ng pagsuporta sa isang makabagong kasangkapan na nag-uugnay sa mga taong nakararanas ng kawalan ng tirahan sa mga emergency shelter at safe parking program.



# Mahahalagang Pamumuhunan Imprastraktura



Ang makabago at maaasahang imprastraktura ay sumusuporta sa pang-araw-araw na buhay at sa pangkat ng County na nagpapatakbo sa mga komunidad. Namumuhunan ang planong ito sa mahahalagang sistema at pasilidad ng County—mula sa stormwater at mga kalsada hanggang sa mga parke, kulungan, at mga aklatan—upang matiyak na ang mga pagpapahusay ay umaayon sa pangangailangan ng komunidad at nagpapabuti sa kaligtasan, akses, at kalidad ng buhay.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- Mga Pamumuhunan para sa Kaligtasan at Pagpapanatili ng mga Kalsada — **$265.9 milyon (+$19 milyon)****
  Pinopondohan ang mga pagpapahusay tulad ng mga bagong traffic signal, curb ramp, tawiran ng pedestrian, guardrail, at sinusuportahan ang pagpapanatili ng 2,000 milya ng mga kalsada ng County sa mga hindi inkorporadong komunidad upang matiyak ang ligtas at maaasahang paglalakbay.

- **Pagpapanatili ng mga Pasilidad at mga Pagpapahusay sa Kaligtasan — $73.3 milyon**
  Pinopondohan ang mahahalagang pagkukumpuni, pagpapanatili ng mga pasilidad, at malalaking pagpapahusay sa kaligtasan sa mga pasilidad ng County, kabilang ang:
  - *Mga pagkukumpuni sa San Diego Central Jail, mga bagong camera sa George F. Bailey Detention Facility at East Mesa Reentry Facility, at mga pagpapahusay sa Rock Mountain Detention Facility.*
  - *Mga upgrade sa HVAC at bubong sa County Emergency Operations Center, kasama ang mga pagpapahusay sa HVAC sa San Marcos Offices at Edgemoor Skilled Nursing Facility.*
  - *Paglalagay ng imprastraktura para sa pag-charge ng electric vehicle sa buong County.*
  - *Pinananatiling ligtas at malinis ang mga pasilidad ng parke at aklatan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagpapanatili, pagkukumpuni, at pamamahala ng mga damo.*

***(karugtong)***

# Mahahalagang Pamumuhunan Imprastraktura *(karugtong)*



- Pag-iwas sa Pagbaha at Pamamahala ng Stormwater — **$61.7 milyon**
  Sinusuportahan ang pag-iwas sa pagbaha dulot ng bagyo sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mga culvert, kanal, at storm drain, at pinopondohan ang operasyon at pagpapanatili ng sewer system at mga distrito ng tubig ng County.

- Operasyon ng mga Parke at Libangan — **$37.7 milyon (+$1.8 milyon)****
  Pinapatakbo ang 159 pasilidad ng parke, 60,000 acre ng parkland, at 398 milya ng mga trail para mapakinabangan ng mga residente at bisita.

- **Pagpapalit ng Ramona Sheriff Station — $34.3 milyon**
  Nagtatayo ng bagong Ramona Sheriff Station upang palitan ang kasalukuyang pasilidad na itinayo noong dekada 1970, na magpapahusay sa mga serbisyo sa pampublikong kaligtasan sa rehiyon.

- Operasyon ng mga Aklatan — **$71.5 milyon (+$2.4 milyon)****
  Pinapatakbo ng sistema ng County Library ang 33 sangay ng aklatan, apat na electric outreach van, at limang automated book kiosk. Pinananatili ng badyet na ito ang mga oras ng operasyon upang matiyak ang akses sa mga materyal, programa, at iba pang mapagkukunan. Noong 2025, umabot sa 11.79 milyong materyal ang naipahiram ng sistema, dahilan upang maituring ito bilang isa sa pinakamalalaking sistema ng aklatan sa California, sa bansa, at sa buong mundo.

- **Pagpaplano para sa Vista Detention Facility — $3 milyon**
  Sinisimulan ang pagpaplano, pagsusuri sa kapaligiran, at pagdidisenyo para sa bagong Vista Detention Facility upang matugunan ang mga pangmatagalang pangangailangan sa operasyon.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan Imprastraktura



- **Mga Pamumuhunan sa mga Pasilidad ng Komunidad**
  Ipinagpapatuloy ang pamumuhunan sa mga bago at pinahusay na pasilidad na nagsisilbi sa mga komunidad, kabilang ang [Casa de Oro Library] — na magbubukas sa tag-init ng 2026 na may dobleng lawak ng espasyo — at ang [Epicentre sa Mira Mesa], na muling magbubukas bilang isang community at teen center na pinapatakbo ng County at hinubog sa pamamagitan ng malawakang pakikilahok ng komunidad.



# Mahahalagang Pamumuhunan
# Pampublikong Kaligtasan



Ang kaligtasan ay hindi lamang tungkol sa bilis ng pagtugon — ito ay kahandaan, pag-iwas, at pangangalaga para sa lahat ng tao. Pinapalakas ng badyet na ito ang pagtugon sa emergency, sinusuportahan ang mga taong nasa kustodiya sa pamamagitan ng kinakailangang serbisyong medikal at kalusugan ng pag-uugali, at pinalalawak ang proteksyon sa mamimili upang matiyak na patas ang pagtrato sa mga residente. Tumutulong ito sa pagprotekta sa mga pamilya, pagpapanatili ng dignidad, at pamumuhunan sa mga pampublikong sistemang gumagana ayon sa inaasahan at nararapat para sa mga tao.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- **Mga Operasyon sa Pag-apula ng Sunog at mga Serbisyong Medikal para sa Emergency — $84.5 milyon (+$8 milyon)****
  Pinapalakas ang mga serbisyo sa pag-apula ng sunog at medikal na emergency sa mga hindi inkorporadong lugar, kabilang ang karagdagang kawani para sa mga water tender truck na naghahatid ng malaking suplay ng tubig sa mga lugar ng sunog.

- Night Flying Helicopter ng County Fire
  Inaasahang magiging handa para sa serbisyo sa Taong Piskal 2026–27, ito ay kumakatawan sa isang malaking panrehiyong pamumuhunan na nagpapalawak ng mahalagang kakayahan sa pagtugon sa wildfire at emergency sa gabi.

- Citizen's Law Enforcement Review Board **(Lupon ng Mamamayan para sa Pagsusuri ng mga Tagapagpatupad ng Batas, CLERB) — $600,000**
  Sinusuportahan ang pinalawak na tungkulin ng CLERB sa pangangasiwa, kabilang ang outreach, pagbuo ng polisiya, mga imbestigasyon, at espesyal na kaalamang medikal para sa mga kaso.

- **Koordinasyon sa Pangangalaga ng Komunidad at** mga Alternatibo sa Pagkakakulong **— $5.5 milyon**
  Nag-uugnay sa mga taong sangkot sa sistema ng hustisya na may malalaking pangangailangan sa kalusugan at kalusugan ng pag-uugali sa pabahay, paggamot, pangangalagang medikal, edukasyon, at trabaho.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Pampublikong Kaligtasan



*(karugtong)*

- **Mga Serbisyo para sa Pag-iwas, Diversion, at Muling Pagbabalik sa Komunidad sa Larangan ng Hustisya — $4.5 milyon**
  Pinapalakas ang suporta para sa pag-iwas, diversion, at muling pagbabalik sa komunidad, kabilang ang bagong ipinatupad na Resource and Reentry Hub, kung saan maaaring makatanggap ang mga indibidwal ng pamamahala ng kaso, suporta mula sa kapwa may katulad na karanasan (peer support), paggamot, pangangalagang pangkalusugan, at mga serbisyong iniangkop sa kanilang pangangailangan pagkatapos ng pagkakakulong, pag-aresto, o pakikipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas.

- **Pagpapalawak ng Pag-iwas sa Karahasang Pinamumunuan ng Komunidad sa Spring Valley — $250,000**
  Sinusuportahan ang pagpapatupad ng programang No Shots Fired (Pag-iwas sa Pamamaril) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad, mentorship, at komprehensibong mga serbisyong suporta na naglalayong mabawasan ang karahasan ng gang at baril gamit ang pamamaraang pinangungunahan ng komunidad at nakatuon sa pag-iwas.

- **Programa para sa Pagbabawas ng Karahasang Dulot ng Baril — $227,000**
  Sinusuportahan ang isang pamamaraang nakaayon sa pampublikong kalusugan upang mabawasan ang pagpapakamatay, karahasan sa tahanan, at karahasan sa komunidad sa pamamagitan ng maagang interbensyon, pinahusay na pagtugon sa krisis, at pakikipagtulungan ng pampublikong kalusugan, mga tagapagpatupad ng batas, at mga katuwang sa komunidad.



# Mahahalagang Pamumuhunan
## Mga Bulnerableng Populasyon



Pinoprotektahan ng safety net ng County ang aming mga pinaka-bulnerableng residente sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang serbisyo, mula sa pagkain at pangangalagang pangkalusugan hanggang sa suporta sa loob ng tahanan at mga legal na proteksyon. Inihahanda ng badyet na ito ang rehiyon para sa mga epekto ng H.R. 1 — isang pederal na batas na nagbabago sa mga pamantayan ng pagiging kwalipikado at pagpopondo para sa maraming suportang serbisyo upang matulungan ang mga pamilya na magkaroon ng katatagan at manatiling may akses sa mga oportunidad. Samantala, nagbibigay ang mga dashboard na nakabatay sa datos ng kaalaman kung paano nagdudulot ang mga pamumuhunang ito ng makahulugang pag-unlad sa buong rehiyon.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- **Mga Serbisyo para sa Pagiging Kwalipikado at Kasapatan sa Sarili — $852 milyon**
  Sinusuportahan ang CalFresh, CalWORKs, Medi-Cal, at General Relief, kabilang ang $23.7 milyon na kaugnay ng mga administratibong kinakailangan ng pederal na H.R. 1 para sa CalFresh at kaugnay na kawani upang matulungan ang mga residente na mapanatili ang kanilang mga benepisyo.

- **Kapakanan ng Bata at Pamilya — $502 milyon**
  Namumuhunan sa pagpapalakas ng pamilya, mga serbisyo sa pag-iwas, at mga serbisyo sa pangangalaga sa mga bata, na may mahigit $163 milyon na inilaan para sa mga foster family at adoptive family.

- **In-Home Supportive Services (Mga Serbisyong Suporta sa Loob ng Tahanan, IHSS) — $248.7 milyon**
  Kabilang dito ang $25.2 milyon na bagong pondo upang suportahan ang humigit-kumulang 50,000 bulnerableng nasa hustong gulang at mga taong may kapansanan sa pamamagitan ng tulong sa pangangalaga sa tahanan at personal na pangangalaga.

- **Pangangalagang Pangkalusugan at Medikal sa mga Kulungan — $198.9 milyon (+$17.9 milyon)****
  Sinusuportahan ang pangangalagang medikal para sa mga nasa hustong gulang na nasa kustodiya.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
## Mga Bulnerableng Populasyon



*(karugtong)*

- **Pangangalagang Pangkalusugan at Medikal para sa mga Kabataang nasa Kustodiya — $14.36 milyon (+$2.38 milyon)****
  Pinananatili at pinapahusay ang mga serbisyong pangkalusugan at medikal para sa mga kabataang nasa kustodiya.

- **Mga Serbisyo para sa mga Hayop — $12.2 milyon (+$500,000)****
  Pinopondohan ang pagpapatupad ng batas, mga silungan, at pangangalagang beterinaryo sa mga hindi inkorporadong lugar at mga serbisyo sa pag- aampon sa buong county.

- **Programa para sa Legal na Depensa ng mga Imigrante — $13.2 milyon**
  Nagbibigay ng legal na representasyon para sa mga nakakulong na imigrante at mga menor de edad na walang kasamang magulang o tagapag-alaga sa mga paglilitis sa deportasyon. Kabilang dito ang $5.5 milyon na one-time funding at $7.7 milyon na tuloy-tuloy na pondo, na may pagtaas na $2.7 milyon kumpara noong nakaraang taon.

- **Tanggapan ng Sheriff (Proposition 36) — $15.3 milyon**
  Kabilang dito ang pagdaragdag ng 23 full-time na empleyado upang suportahan ang pagtaas ng bilang ng mga booking sa kulungan at iba pang kaugnay na pangangailangan sa operasyon.

- **Public Defender (Abugadong Pampubliko) (Proposition 36) — $4.82 milyon**
  Kabilang dito ang pagdaragdag ng 18 full-time na empleyado upang matugunan ang mas mataas na bilang ng kaso at matiyak ang maagap at konstitusyonal na kinakailangang legal na representasyon para sa mga taong walang kakayahang kumuha ng abogado.

- **Probation (Proposition 36) — $2.97 milyon**
  Kabilang dito ang pagdaragdag ng 15 full-time na empleyado upang palawakin ang pretrial at felony supervision at suportahan ang tumataas na pangangailangan sa pagtatasa, paggamot, at pabahay.

*(karugtong)*

# Mahahalagang Pamumuhunan
# Mga Bulnerableng Populasyon



*(karugtong)*

- **Akses sa WiFi ng Aklatan — $381,000 (+$35,000)****
  Nagbibigay ng libreng 24/7 WiFi sa mga lokasyon ng aklatan ng County.

- **Programa ng Library High School — $245,000 (+$7,000)****
  Ipinagpapatuloy ang programang tumutulong sa mga nasa hustong gulang upang makuha ang kanilang diploma sa high school.

- **Pagsasanay para sa Pagkamamamayan — $221,000 (+$20,000)****
  Nag-aalok ng pagsasanay sa pamamagitan ng County Library upang suportahan ang mga residente ng County na nais maging mamamayan.

- **Mga Serbisyo sa Suporta sa Bata**
  Sinusuportahan ang pinansyal, emosyonal, at pisikal na kapakanan ng halos 39,900 pamilya sa buong rehiyon.



# Iba Pang Mahahalagang Punto



Namumuhunan ang County sa malawak na hanay ng mga programa at serbisyong nagpapalakas sa kalusugan, kaligtasan, at kalidad ng buhay ng komunidad araw-araw. Pinapalawak ng mga pamumuhunang ito ang akses sa proteksyon sa pampublikong kalusugan, pagiging patas para sa mamimili, kapakanan ng mga alagang hayop, kaligtasan sa kapaligiran, at mahahalagang serbisyong inaasahan ng mga residente sa buong rehiyon.

**Kabilang sa mga pamumuhunan ang:**

- **Mga Serbisyo sa Pampublikong Kalusugan — $235.6 milyon**
  Pinoprotektahan ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pag-iwas sa epidemya, pagkontrol sa sakit, mga sentro ng pampublikong kalusugan, mga home visiting program, at mga serbisyong parmasyutikal na nagsisiguro ng malawak na akses sa pangangalaga.

- **Mga Inspeksyon sa Kaligtasan ng Pagkain — $18 milyon (+$1.6 milyon)****
  Pinangangalagaan ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pag-inspeksyon sa 15,700 restawran, Truck ng pagkain, at iba pang pasilidad ng pagkain, pagsuporta sa 530 pansamantalang kaganapan, at pagsasagawa ng 1,200 imbestigasyon sa mga reklamo at 520 imbestigasyon sa sakit na dulot ng pagkain.

- **Pagpapalawak ng Consumer Protection ng District Attorney — $16.3 milyon (+$11 milyon)****
  Pinapalawak ang mga gawain sa proteksyon ng consumer sa buong county upang imbestigahan at suriin ang mga ulat ng mapanlinlang at hindi patas na gawain ng negosyo at magsagawa ng naaangkop na hakbang upang maprotektahan ang publiko.

- **Sining at Kultura at Tanggapan ng Pelikula — $3.25 milyon**
  Pamumuhunan sa mga inisyatiba para sa sining at kultura at suporta sa pagpapatupad ng isang tanggapan para sa industriya ng pelikula.

***(karugtong)***

# Iba Pang Mahahalagang Punto



*(karugtong)*

- **Yunit para sa Pagiging Patas sa Mamimili at Proteksyon ng Publiko — $2.4 milyon**
  Nagtatatag ng bagong walong-kataong pangkat sa County Counsel na nakatuon sa consumer protection, kaligtasan ng produkto, pinansyal na pang-aabuso, hindi patas na kompetisyon, katarungang pangkapaligiran, at pagiging patas sa ekonomiya. Pinalalawak nito ang mga pagsisikap na protektahan ang mga konsyumer sa pakikipag-ugnayan sa iba pang mga ahensyang nagpapatupad ng batas, tulad ng District Attorney at mga City Attorney ng San Diego County.

- **Pagkontrol sa Vector at Pag-iwas sa mga Sakit na Dulot ng Lamok — $16 milyon (+$455,000)****
  Sinusubaybayan at ginagamot ang mahigit 1,600 lugar ng pamumugaran ng lamok upang maprotektahan ang mga residente laban sa West Nile virus at iba pang sakit na dala ng lamok.

- **Pagsusuri sa Kalidad ng Tubig sa Dalampasigan — $1.9 milyon (+$257,000)****
  Nagbibigay ng agarang pagsusuri sa kalidad sa loob ng parehong araw ng tubig sa dalampasigan at pampublikong pag-uulat sa 45 lokasyon upang matulungan ang mga residente na manatiling may kaalaman at ligtas.



# Iba Pang Mahahalagang Punto



***(karugtong)***

- **Etika, Pagsunod, at mga Pamantayan sa Paggawa — $300,000**
  Nagdaragdag ng katumbas ng dalawang full-time na posisyon upang mapahusay ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa paggawa, mapalakas ang kaligtasan sa mga parke ng County, at mapabuti ang pagsunod sa mga kontrata.

- **Mobile Unit para sa Operasyong Beterinaryo**
  Nagdadala ng serbisyo para sa spay/neuter at pangunahing pangangalaga sa kalusugan ng alagang hayop direkta sa mga komunidad na kulang sa serbisyo at may mataas na pangangailangan sa mga hindi inkorporadong lugar, upang mapabuti ang kalusugan ng mga hayop at aksesibilidad para sa mga pamilya.



COUNTY OF SAN DIEGO

**www.sandiegocounty.gov**

1600 Pacific Highway, San Diego, CA 92101